# DETALYE NG KUWENTONG/BALITANG BINASA

*Sa modyul na ito ay inaasahang maibibigay nang malinaw ang mahalagang detalye na sumusuporta sa mga pangunahing diwa sa kuwento/balita/ulat na napakinggan.*

*Naisasalaysay ayon sa wastong pagkasunud-sunod ang mahahalagang pangyayari ng kuwentong/balitang napakinggan.*



## Pagbalik-aralan

**Basahin ang mga balitang nakatala sa ibaba. Alin sa mga ito ang iyong napakinggan?**

Namatay ang Papa

Natalo si Pacquiao kay Morales

Nahulihan ng droga si Nora Aunor

Sagutin ang tungkol sa balitang napakinggan.

1. Kailan namatay ang Papa?
2. Bakit natalo si Pacquiao kay Morales?
3. Bakit nahulihan ng droga si Nora Aunor?
4. Sino ang maaaring makatulong kay Nora Aunor?
5. Ano kaya ang kanyang nadama nang siya'y mahulihan ng droga?

## Pag-aralan Mo

### Basahing mabuti ang balita

**Chiz atras na sa 2010 polls**

Burado na ang plano ni Senator Francis “Chiz” Escudero na sumabak sa presidential elections sa susunod na taon dahil hindi pa umano niya panahon.  Ang pag-atras ay inihayag ni Escudero sa Club Filipino sa Greenhills, San Juan kahapon ng alas-8 umaga, halos isang buwan matapos siyang kumalas sa kaniyang partidong Nationalist People’s Coalition (NPC).

Inamin ni Escudero na hindi ang 2010 presidential elections and tamang panahon upang isulong niya ang kanyang planong pagtakbo biang president ng bansa kung saan tatakbo rin ang itinuturing niyang matalik na kaibigan na si Senator Benigno Simeon “Noynoy” Aquino III.

Ilang beses na umano niyang sinabi na wala siyang ibang gusto kundi ang “presidency”  sakaling muling kumandidato, pero hindi umano niya ito gagawin kung mawawala naman ang kanyang pagkatao at kaluluwa.

Idinagdag ni Escudero na patuloy pa rin siyang mangangarap ng isang bagong Pilipinas at patuloy umano siyang mananalig sa kakayahan ng mga Pilipino.


Metro Ngayon
Nov. 25, 2009

A. Sagutin ang mga tanong sa inyong kuwaderno batay sa balitang inyong binasa

1. Sino ang pangunahing tauhan sa balita?
2. Ano ang inihayag ni Escudero sa Club Filipino?
3. Saan nangyari ang kanyang pagpapahayag?
4. Kailan nangyari ang pagpapahayag ni Escudero?
5. Ano ka yang nararamdaman ni Escudero para sa matalik niyang kaibigan at siya’y umatras sa laban?
6. Paano nila pinapahalagahan ang kanilang pagkakaibigan?

B. Isulat sa kuwaderno ang mahahalagang detalye sa balitang iyong binasa.

1. ______
2. ______
3. ______
4. ______
5. ______



## Isaisip Mo

> Ang balita ay nagsasaad ng mahahalagang mga pangyayari na nagaganap sa iba't ibang pook ng bansa. Isinasaad dito ang pangunahing tauhan na pinangyarihan, kailan nangyari at bakit nangyari.

Ngayong alam mo na kung paano ang pagtukoy sa pangunahing diwa, maaari ka nang magpatuloy sa susunod na gawain.



## Pagsanayan Mo

Ngayong alam mo na ang kahulugan ng balita. Maaari ka nang gumawa ng isang balita ukol sa pangyayaring naganap sa inyong paaralan.

Sundin ang pormat :

1. Kailan
2. Pangyayari
3. Tauhan



## Subukin Mo

**Basahin ang balita at isulat nang malinaw ang mahahalagang detalye nito sa pamamagitan ng paglalagay sa talahanayan.**

Ang mga mag-aaral sa Unang Pangkat ng Ikalimang Baitang sa Paaralang Juan Sumulong at tumanggap ng mga kuwaderno at bolpen mula sa puno ng lungsod ng antipolo na si Kgg. Angelito Katlabayan.

Ang pamimigay ng mga gamit sa mga mag-aaral ay ginanap sa paaralang nabanggit ganap na ika 9 ng umaga kahapon. Ang pasasalamat sa puno ng lungsod ay pinangunahan ng punongguro, Dr. Ricardo de Guzman at Alfred Ardon, pangulo ng klase.

| Sino | Kailan | Ano | Bakit | Paano |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

Sa mga balitang ating pinag-aralan isulat sa inyong notbuk ang mga pangalang ginamit sa balita. Gumamit ng malalaking titik.